(FY2023)

# Tulong sa Pagpapaaral sa Elementarya at Junior High School

Osaka City Board of Education

Mayroong itinatag na sistema sa lungsod ng Osaka para masiguradong hindi mahihirapang mag-aral ang mga estudyante nang dahil sa problema sa pera. Kung kayo ay magulang ng mga batang nag-aaral sa pampublikong elementarya o junior high school sa lungsod ng Osaka at nangangailangan ng tulong, mag-aplay lamang.

## 1. Ang pangunahing rason para ag-aplay

| Rason sa pag-aplay | Kinakailangang mga dokumento |
|---|---|
| ○ Exempted sa pagbabayad ng Citizen's Tax sa taong 2022 o 2023 | ○ Kopya ng "Notification o pagbabago ng Individual Municipal/ Prefectural Tax" (makukuha ito mula sa iyong trabaho)<br>○"City/Prefectural Tax Certificate" (makukuha ito mula sa Tax Office or Ward Office ng iyong lugar) (Kailangan ang orihinal)<br>※ Hindi kailangan ang mga dokumento sa itaas kung sumasang-ayon sa paggamit ng impormasyon ng buwis. (Ito ay para lamang sa mga exempted sa pagbayad ng buwis sa FY2023) |
| ○ Nabawasan/na-exempt o napaliban sa pagbayad ng National Health Insurance | Kopya ng "Notice of Determination ng National Health Insurance Premium (Bagong kalkulasyon)" (Ipapadala sa iyong bahay) |
| ○ Tumatanggap ng Child Rearing Allowance<br>(hindi Special Child Rearing Allowance o Child Allowance) | Kopya ng "Child Rearing Allowance Certificate"<br>(ng ibinibigay ng Public Health and Welfare Center sa iyong ward office) |
| ○ Tumatanggap ngayon ng welfare (Seikatsu-hogo) | Hindi kailangan magpasa ng dokumento |
| ○ Nasuspinde o nahinto ang pagtanggap ng welfare (Seikatsu-hogo) noong FY2022 o FY2023 | Kopya ng "Suspension (or Termination) Notice of Welfare" (Ipapadala sa iyong bahay) |
| ○ Ang kabuuang halaga ng kita ng buong sambahayan (hindi kasama ang mga ipinanganak pagkatapos ng April 2, 2005) ay mas mababa sa standard income na tinukoy ng Board of Education, depende sa laki ng sambahayan at kung nangungupahan ng bahay o ari ito.<br>(※Para sa halaga ng standard income, makikita sa susunod na pahina"4 Halaga ng Standard Income") | ○ Kopya ng "Notification of Determination/Change of Special Tax" (Makukuha ito mula sa iyong trabaho)<br>○ "City/Prefectural Tax Certificate" (makukuha ito mula sa Tax Office or Ward Office ng iyong lugar) (Kailangan ang orihinal)<br>○ Kopya ng "Notification of Determination of City/Prefectural Tax Amount and Certificate of Taxation and Detalye ng Buwis"<br>(Ipapadala sa iyong bahay)<br>※ Hindi kailangan ang mga dokumento sa itaas kung sumasang-ayon sa paggamit ng impormasyon ng buwis. |

**※ Para hindi mahirapan ang mga residente ng Osaka City at maginhawa ang pag-aaplay, para sa mga nakatira sa lungsod ng Osaka (mula Enero 1, 2023), maaaring ang Board of Education, bilang representatibo, ang tumanggap ng impormasyon mula sa Tax List ng Individual Resident Tax ng Lungsod ng Osaka na kakailanganin para sa screening.**

**Subalit ang impormasyon ng buwis ay limitado lamang sa kasalukuyang fiscal year (FY2023). Kung ang aplikante ay nag-aaplay dahil siya ay na-exempt sa pagbayad ng buwis noong nakaraang fiscal year, lahat ng miyembro ng sambahayan (na ipinanganak bago ng Abril 2, 2005, maliban sa mga dependent (asawa, anak) o dependent na kapamilya (tatay, nanay, atbp) na idineklara ng ulo ng sambahayan para mabawasan ang buwis) ay dapat magsumite ng mga dokumento bilang patunay.**
**Sa kaso na hindi nagdeklara ng buwis, dahil walang maipapakitang impormasyon tungkol sa buwis, maaaring tawagan sila ng paaralan ng bata o ng Board of Education. Gayundin, dahil hindi lahat ng kinakailangang impormasyon sa buwis ay maaaring makuha, maaaring humingi ng karagdagang dokumeno bilang patunay.**

**2. Sakop ng tulong**

◇ Gastos sa materyales sa pag-aaral ◇Gastos sa tanghalian sa paaralan ◇Gastos sa mga espesyal na aktibidad tulad ng field trip ◇Gastos sa excursion

◇ Tulong para sa paghahanda sa pagpasok sa paaralan ◇Medikal na gastos ◇National Agency for the Advancement of Sports and Health Mutual Aid Premium(bahagi na binabayaran ng magulang)

○ Sakop ang gastos sa pagpapagamot ng mga sumusunod na sakit na makikita sa regular na pagsusuri ng kalusugan sa paaralan. Kung kailangan magpagamot, siguraduhing magsabi muna eskuwela para mabigyan ng coupon para sa pagpapagamot.

※ Sakit: Sirang ngipin, chronic sinusitis, Otitis media (pamamaga sa tenga), conjunctivitis (impeksyon sa mata), bulati, pamamaga ng adenoid, ringworm, galis, impetigo at trachoma

○ Ang mga tumatanggap ng welfare (tulong pang-edukasyon) , sakop ang gastos sa excursion, gastos sa pagpapagamot, National Agency for the Advancement of Sports and Health Mutual Aid Premium (bayad ng magulang) sa puwedeng bigyan ng tulong.

**3. Paano mag-aplay**

○ Kumuha ng application form sa paaralan ng bata.

○ Isulat ang lahat ng kinakailangang impormasyon, maglakip ng mga dokumentong nagpapatunay sa rason sa pag-aplay, at magsumite ng kopya sa bawat paaralang pinapasukan ng bata.

○ Ang aplikasyon ay mula Marso hanggang katapusan ng Hunyo. Para sa mga sasang-ayon sa paggamit ng impormasyong ng buwis, hanggang Mayo 12. (Ang mga papasok sa unang taon ng elementarya o unang taon ng Junior highschool ay maaaring mag-apply nang mas maaga, sa Disyembre, bago pumasok sa paaralan) . Maaaring mag-aplay kahit sa gitna ng fiscal year subalit ang magiging sakop ay ang materyales sa pag-aaral na bibilhin mula sa araw na inaprubahan ang aplikasyon, ang gastos sa mga naganap na aktibidad sa paaralan na sakop ng tulong, at ang binayaran para sa tanghalian sa paaralan mula sa araw na inaprubahan ang aplikasyon. Magbibigay suporta para sa halagang binayaran lamang. Kung walang gastos sa paaralan matapos maaprubahan, walang bayad na magaganap.

**4. Tungkol sa Pamantayang Halaga ng Kita (Income Standard amount)**

○ Maaprubahan ang aplikasyon kung ang kabuuang kita ng sambahayan sa 2022 ay mas mababa kaysa sa pamantayang kita (standard income) na napagpasyahan ng Osaka City. Gayunpaman, ang pamantayang halaga para sa FY2023 ay hindi pa napagpapasiyahan. Kapag nalaman na ito, ipapaalam ito sa lalong

madaling panahon.

○ Ang "halaga ng kita" ng sumesuweldong empleyado o tumatanggap ng pensiyon na gagamitin sa income evaluation ay mababawasan ng hanggang 100,000 bago ma-evaluate.

**Reperensiya: Pamantayang Halaga ng Kita ng FY 2022 (Income Standard for 2022)**

| Laki ng Sambahayan | | 2 tao | 3 tao | 4 na tao | 5 tao | 6 na tao | 7 tao |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Uri ng Bahay | Inuupa | 2.26 milyong yen | 2.60 milyong yen | 3.18 milyong yen | 3.53 milyong yen | 3.94 milyong yen | 4.65 milyong yen |
| | Sariling bahay | 1.62 milyong yen | 1.95 milyong yen | 2.53 milyong yen | 2.88 milyong yen | 3.29 milyong yen | 3.89 milyong yen |

※ Ang Pamantayang Halaga sa FY2023 ay ipo-post din sa website ng Board of Education pagkatapos ng Abril 1, 2023 (https://www.city.osaka.lg.jp/kyoiku/page/0000495254.html)

◆ Para sa higit pang detalye, kumonsulta sa paaralan ng bata.